

Dibisyon ng mga Kapansanan sa Pag-unlad (DD) at mga Waiver: Buod ng Serbisyo

2024

Personal na Sistema ng Pagtugon sa Emerhensiya o Personal Emergency Response System (PERS)

Ang pagpapakahulugan ng serbisyo at mga limitasyon na nakasaad sa ibaba ay hindi kasama ang lahat ng mga detalye at kinakailangan. Para sa mga pamantayan ng serbisyo, mga limitasyon, uri at kwalipikasyon ng tagapagbigay, at impormasyon tungkol sa pagbabayad, sumangguni sa naaangkop na Medicaid HCBS DD Waiver.

Pagkakaroon ng Waiver

Komprehensibong Waiver para sa mga may Kapansanan sa Pag-unlad (CDD) Waiver
para sa Araw ng Nasa hustong edad na may Kapansanan sa Pag-unlad (DDAD) Waiver
para sa Suporta ng Pamilya (FSW)

Pagpapakahulugan ng Serbisyo

Ang PERS ay isang elektronikong aparato na ginagamit ng isang kalahok upang humingi ng tulong sa oras ng emerhensiya. Kapag pinindot ang PERS button, ang aparato ay kumokontak sa itinalagang tao o call center.

Mga Kondisyon ng Pagkakaloob

- A. Pinipili ng isang kalahok ang bawat serbisyo batay sa kanilang pangangailangan.
 - 1. Ang mga serbisyo ay dapat na magpataas ng kasarinlan at integrasyon sa komunidad; at
 - 2. Ang napiling mga serbisyo sa pag-iwas at kung sino ang nagbibigay nito ay dokumentado sa Individual Support Plan (ISP) ng kalahok.
- B. Kabilang sa Personal na Sistema ng Pagtugon sa Emerhensiya ang:
 - 1. Pagbibigay ng tagubilin sa kalahok tungkol sa kung paano gagamitin ang aparato;
 - 2. Pagtiyak na ang call center ay tutugon 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo;
 - 3. Pagpapalit ng PERS na aparato kapag kinakailangan sa loob ng 24 oras mula sa abiso;
 - 4. Pag-a-update ng listahan ng mga kontak nang hindi bababa sa dalawang beses sa isang taon;
 - 5. Buwanang pagsusuri ng PERS na aparato; at
 - 6. Nagbibigay ng patuloy na tulong.
- C. Ang PERS ay hindi isang habilitatibo na serbisyo.
- D. Ang PERS ay may mga sumusunod na limitasyon:
 - 1. Ang PERS ay hindi maaaring gamitin ng isang kalahok na nakatira sa isang lugar na pag-aari, inuupahan, pinapatakbo, o kontrolado ng isang tagapagbigay maliban kung ang kalahok ay may plano sa paglipat na naglalahad kung paano makakatulong ang PERS sa kanila na lumipat sa isang independiyenteng tirahan sa loob ng 6 na buwan. Kapag walang plano sa paglipat, ang PERS ay hindi maaaring pahintulutan para sa isang kalahok na tumatanggap ng Pabahay na Habilidadasyon o Terapeutikong Pabahay na Habilidadasyon.
 - 2. Ang PERS ay hindi maaaring magsanib, magpalit, o magdoble ng ibang katulad na serbisyo na ibinibigay sa pamamagitan ng Medicaid.

Mga Kinakailangan para sa Tagapagbigay

Ang impormasyong nakasaad sa ibaba ay hindi kasama ang lahat ng mga kinakailangan para sa tagapagbigay. Ito ay nilalayong maging pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga tagapagbigay ng partikular na serbisyon DD na ito.

- A. Ang lahat ng mga tagapagbigay ng mga serbisyo sa waiver ay dapat:
1. Maging isang tagapagbigay ng Medicaid;
 2. Sumunod sa lahat ng naaangkop na mga titulo ng Nebraska Administrative Code at Pang Estadong Batas ng Nebraska;
 3. Sumunod sa mga pamantayan na inilarawan sa Kasunduan ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng Division of Medicaid at Pangmatagalang Pangangalaga;
 4. Kumpletuhin ang mga pagsasanay sa DHHS sa kahilingan; at
 5. Gamitin ang pangkalahatang mga pag-iingat.
- B. Ang PERS ay maaaring ialok ng isang nagbebenta.
1. Ang isang vendor ay isang kumpanya o ahensya na nakarehistro bilang tagapagbigay ng Medicaid, ngunit hindi sertipikado bilang tagapagbigay ng DD.
- C. Ang PERS ay hindi maaaring pamamahalaan ng sarili.
- D. Ang isang kamag-anak ng kalahok, ngunit hindi isang tagapag-alaga o iba pang legal na responsable na tao ng kalahok, ay maaaring magbigay ng PERS kung matutugunan nila ang ibang mga kinakailangan. Dahil ang serbisyong ito ay tanging mula lamang sa mga nagbebenta, kailangang maging empleyado ng isang nagbebenta ang kamag-anak.

Mga Singil

- A. Ang PERS ay kailangang bilhin sa loob ng taunang indibidwal na badyet ng kalahok.
- B. Ang PERS ay binabayaran sa pamamagitan ng isang beses na bayad para sa instalasyon at buwanang bayad sa pagrenta.
- C. Ang isang nagbebenta ay hindi maaaring maningil ng higit kaysa sa kanilang sisingilin sa karaniwang publiko. Ang isang nagbebenta na nag-aalok ng diskwento sa isang tiyak na grupo ng mga tao, tulad ng mga estudyante o senior citizens, ay kailangang mag-alok ng parehong diskwento sa isang kalahok sa grupong iyon.
- D. Ang gastos sa transportasyon ay hindi kasama sa singil para sa PERS.